# Glosaryo ng Mga Termino

**Password:** isang sekretong salita o parirala na ginagamit para protektahan ang iyong online account.

**Username:** isang natatanging pangalan na ginagamit para ma-access ang iyong online account.

**Mga Setting:** Tinatawag ding mga kagustuhan, mga tool o mga opsyon — gamit ang mga ito ay nababago mo kung paano kumilos ang software o ang iyong device.

**Browser:** ang software program na nagpapahintulot sa iyong i-access ang internet.

**Address bar/URL:** ang text field sa itaas ng browser window.

**Attachment:** isang file na ipinapadala kasama ng mensahe sa email. Maaari itong isang litrato, dokumento, pelikula o sound file.

**Upload:** pagpapadala ng file (tulad ng litrato o dokumento) mula sa iyong smartphone o computer papunta sa isang website o ibang tao gamit ang internet.

**Download:** pagtanggap ng file mula sa internet papunta sa iyong smartphone o computer.

**Isumite:** isang button na iki-click mo para magpadala ng impormasyon sa pamamagitan ng internet.

**Character:** anumang letra o simbolo (kabilang ang punctuation at mga numero) sa smartphone o computer keyboard.

**I-enable:** paganahin ang feature o function.

**I-disable:** hindi na paganahin ang feature o function.

**Backspace key:** dini-delete o binubura ang mga character sa screen mula sa kaliwa lang ng cursor.

**Back Arrow key:** karaniwang ibinabalik ka sa nakaraang screen o website page.

**Delete key:** dini-delete ang napili (o naka-highlight) na mga bagay sa mga character mula sa kanan ng cursor.

**@ sign key:** isang kinakailangang bahagi ng anumang email address na tumutukoy kung saan ipapadala ang email.